



COMMONWEALTH of VIRGINIA

Colin M. Greene, MD, MPH
Acting State Health Commissioner

Department of Health
P O BOX 2448
RICHMOND, VA 23218

TTY 7-1-1 O
1-800-828-1120

MARSO 9, 2022

Mahal na Mga Magulang ng Mga Papasok na Ika-pitong Baitang:

Bilang Virginia Acting State Health Commissioner at isang magulang, pinahalalagan ko ang maraming desisyong ginagawa niyo araw-araw para protektahan ang kalusugan ng anak niyo. Kaugnay nito, binabahagi ko sa inyo ang impormasyon tungkol sa baluha para sa Human Papillomavirus (HPV). Ang bakunang ito ay pumipigil sa impeksiyon sa virus na nagdudulot ng anim na klase ng kanser, kabilang ang pinakamaraming kaso ng kanser sa cervix. Sa malawakang paggamit ng bakunang ito, mabubura natin ang buong klase ng kanser sa kababaihan sa isang henerasyon, habang binabawasan ang pangangailangan sa mga diyagnostikong pamamaraan.

Madiing rerekomanda ng Virginia Department of Health, ng American Academy of Family Physicians (AAFP), at ng American Academy of Pediatrics (AAP) ang bakunang ito para sa mga batang nasa edad na 11 o 12. Ang pagbibigay ng bakuna sa edad na ito ay ang pinakamahusay na panlaban sa impeksiyong HPV. Isinama ko ang aming HPV poster; para sa higit pang impormasyon, mangyaring pumunta sa aming website sa www.vdh.virginia.gov/immunization/requirements/.

Habang lumalaki ang anak niyo, mahalagang mag-iskedyul ng pagpapatingin sa kalusugan para sa kanila bawat taon. Kailangan ang mga bakunang HPV, Tdap (tetanus, diphtheria at pertussis), at Meningococcal para sa mga bata sa mga paaralan sa Virginia sa pagitan ng 11 at 12 taong gulang, iyon ay, bago pumasok sa ika-7 baitang.

Bilang magulang o tagapag-alaga, may karapatan kayong magpasya kung tatanggap ang anak niyo ng bakuna para sa HPV. Hinihikayat ko kayong talakayin ang anumang mga tanong na maaaring mayroon kayo sa inyong tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan. Mangyaring tandaang dalhin ang talaan ng pagbabakuna ng anak niyo sa kanyang paaralan.

Kung may anuman kayong tanong, mangyaring kontakin si Janaye Oliver, Adolescent Immunization Coordinator sa Virginia Department of Health, sa telepono sa (804) 864-8073 o sa email sa Janaye.Oliver@vdh.virginia.gov.

Sumasainyo

Colin M. Greene, MD, MPH
Acting State Health Commissioner

SUBUKAN ANG KANSER

Protektahan ang anak mo mula sa mga kanser na kaugnay ng HPV sa pamamagitan ng pagbabakuna. Mabilis kumakalat ang Human Papillomavirus (HPV), at hindi alam ng karamihan ng mga taong mayroon sila nito.



90%

ng mga kanser sa cervix ay dulot ng HPV



70%

ng mga kanser ay dulot ng HPV ng bibig at lalamunan

Pinoprotektahan ng bakuna para sa HPV ang kinabukasan ng anak mo

Ang bakuna...

Nirerekomenda ito kasama ng mga ibang rutinang pagbabakuna para sa mga nagdadalaga/nagbibinata



Meningitis



HPV



Tdap


&

Pinipigilan

6

ang mga klase ng kanser

Mapipigilan ang HPV sa mga batang babae at batang lalaki sa pamamagitan ng pagbabakuna. Dapat makumpleto ng mga batang lalaki at batang babae ang serye ng pagbabakuna bago ang edad na 13.



**Ika-7
Baitang**



● LIGTAS ● MABISA ● PANGMATAGALAN ●

Kausapin ang tagapaglaan ng anak mo ngayon tungkol sa pagpigil sa kanser!